Buod ng Villages Planning Program

Ano ang aming ginagawa: Humihingi kami ng feedback sa kung ano ang gusto ng mga residente tungkol sa 17 na mga iminungkahing Village, at kung anong mga pagbabago ang makakatulong sa mga kapitbahayan na ito na umunlad sa hinaharap. Makakatulong ang feedback na ito na hubugin ang mga maagang direksyon ng isang draft na plano.



Ano ang mga Village?

Ang mga Village ay magiging masigla, buhay, at magkakaugnay na mga kapitbahayan na mayroong mga tindahan, serbisyo, at amenidad upang matugunan ang pang-araw-araw na pangangailangan ng mga residente, lahat sa loob ng maikling paglalakad, pag-roll, o pamimisikleta mula sa bahay o trabaho. Tinukoy ng Vancouver Plan ang mga potensyal na Village - mga lugar na may umiiral nang maliliit na kumpol ng tingian na, sa paglipas ng panahon, ay maaaring maging mas dinamiko, kumpletong mga kapitbahayan. Ang mga village ay isesentro sa paligid ng maliliit na kumpol ng mga tindahan, mga serbisyong pangkomunidad at amenidad, na napapalibutan ng mas mababang densidad na pabahay hanggang 6 na palapag gaya ng mga multiplex, townhouse, at apartment.

Bakit mga Village?

Nagsusumikap kami upang matugunan ang mga agarang pangangailangan sa pabahay at lumikha ng mas matitirahan at napapanatiling mga komunidad.
Sa pamamagitan ng Vancouver Plan, malinaw naming narinig na gusto at kailangan ng mga tao ng mas maraming opsyon sa pabahay. Ang Villages Planning Program ay nagpapahintulot sa mas malawak na kumbinasyon ng mga opsyon sa pabahay at komersyal sa maraming lugar na mababa ang densidad ng Vancouver. Susuportahan nito ang higit na inklusibo at magkakaibang mga kapitbahayan para sa mga tao upang manirahan, magtrabaho at maglaro.

Ang mga Village ay:

Magpapahintulot sa Mahalagang Missing Middle na Pabahay

Mga multiplex, townhouse, at apartment na gusali hanggang anim na palapag sa anumang bloke

- Gumawa ng mas iba't iba at magkakaibang mga kalye na may halo ng mga uri ng gusali sa laki at taas
- Magbigay ng mga opsyon para sa mga sambahayan na may iba't ibang laki at kita

Suportahan ang Higit pang Lokal na Tindahan at Serbisyo

Nasa ibabang palapag na komersiyal na espasyo para sa maliliit na negosyo

- Magbigay ng mga lugar upang matugunan ang iyong pang-araw-araw na pangangailangan
- Mang-akit ng mga negosyo kung saan masisiyahan ang mga tao sa paggugol ng oras kasama ang pamilya at mga kaibigan
- Lumikha ng mas flexible na mga pagkakataon sa tingian sa mas tahimik na mga kalye at sa mga lane

Hikayatin ang Scale ng Kapitbahayan na Nagsusulong sa mga Buhay na Buhay na Pampublikong Espasyo

- Lumikha ng mas masigla na mga lugar na gustong bisitahin ng mga tao sa kanilang komunidad, na nasa mas madaling paglalakad, pag-roll, o pagbibisikleta mula sa bahay

Villages

VANCOUVER PLAN
Implementation
2050

Ano ang Villages Planning Program?

Ang Villages Planning Program ay magkakaroon ng tatlong yugto at tatagal ng humigit-kumulang 18 buwan upang makumpleto. Maghahatid ito ng draft na Plano ng Lugar para sa lahat ng mga Village, kabilang ang isang detalyadong plano sa paggamit ng lupa, at tutukuyin ang mga lugar para sa mga pagbabago sa zoning upang matulungan ang mas maraming bahay na maitayo nang mas mabilis, lalo na ang market at mas mababa sa-market na mga yunit ng paupahan.

Timeline

Narito Tayo

Yugto 1
Mga Village Ngayon
Taglagas - Taglamig 2024/2025

Yugto 2
Mga Lumalabas na Ideya at Direksiyon
Tagsibol - Tag-init 2025

Yugto 3
Draft na Plano at Mga Polisiya
Taglagas - Taglamig 2025/2026

Konsiderasyon ng Konseho
Draft na Plano at Pag-ulat sa Konseho
Tagsibol 2026 pasulong

Mga Village at ang Vancouver Plan

Noong Hulyo 2022, inaprubahan ng Vancouver City Council ang Vancouver Plan, isang pangmatagalang istratehiya sa paggamit ng lupa para pamahalaan ang paglago at pagbabago sa buong lungsod.

Nasa puso ng plano ay Tatlong Pundasyon na Prinsipyo: Pagkakasundo, Equity at Katatagan. Hinugis ang plano ng Tatlong Malalaking Ideya: paglikha ng mas patas na pabahay at mga kumpletong kapitbahayan, isang ekonomiya na gumagana para sa lahat, at proteksyon sa klima at naipanumbalik na mga ecosystem.

Nasasaklawan ng Plan ang mga paksang tulad ng pabahay, transportasyon, imprastraktura ng komunidad, ekolohiya, at pampublikong espasyo at nagbibigay ng balangkas para sa mas detalyadong trabaho sa pagpaplano, tulad ng Villages Planning Program, na tutugon sa mga partikular na oportunidad at mga paghamon sa lebel ng lokal na kapitbahayan.

Sa kasalukuyan ay nagtatrabaho kami para ipatupad ang Vancouver Plan. Ang Villages Planning Program ay isa sa mga pangunahing proyektong kasalukuyang isinasagawa para maghatid sa Tatlong Malalaking Ideya. Kasama sa iba pang mga proyekto ang Inisyatiba sa Panlipunang Pabahay ng Vancouver, Pagsosona ng mga Lupa ng Pagtatrabaho, Pagpaplano ng Ekolohiya at Paggamit ng Lupa, at pagbuo ng mga bagong sona upang suportahan ang paghahatid ng pabahay. **Matuto pa sa VancouverPlan.ca**.

Matuto pa sa pagpapatupad ng Vancouver Plan sa pamamagitan ng pagbisita sa: www.VancouverPlan.ca

Ang mga Village ay isa sa anim na kakaibang klase ng kapitbahayan na tinukoy sa Vancouver Plan – ang ating buong lungsod na pangmatagalang istratehiya sa paggamit ng lupa. Kinikilala ng Vancouver Plan ang 25 na mga Village na magbabago sa paglipas ng panahon para makapagbigay ng mas maraming opsyon sa pabahay at mga oportunidad sa tingian. Pinili sila batay sa maliliit na lugar ng tingian na may umiiral na komersyal na pagsosona.

Nasasaklawan ng mga Village ang tinatayang 13% (o ~600 bloke) ng lahat ng mga bloke sa Vancouver. Nakatuon ang kasalukuyang programa sa pagpaplano sa 17 ng 25 na mga Village, na kasama ang trabaho sa natitirang walong kasama sa mga ibang inisyatibo sa pagpaplano sa kasalukuyan o sa hinaharap.

Mga Villages Planning Policy

Pabahay

- Lumikha ng mga bagong pagkakataon sa pabahay para sa mababa at katamtaman ang kita na mga sambahayan na binibigyang diin sa layuning itinayo na pag-upa at panlipunang pabahay na matatagpuan sa labas ng mga abalang pangunahing kalye ngunit malapit sa transit, mga berdeng espasyo, paaralan, at iba pang amenidad at serbisyo.
- Paganahin ang Missing Middle na mga opsyon sa pabahay tulad ng mga multiplex at mga townhouse.

Mga Lugar ng Pamilihan

- Palawakin ang mga umiiral nang kumpol na tingian sa mga kalye na hindi gaanong apektado ng ingay at polusyon sa trapiko. Kung saan walang umiiral na mga kumpol ng tingian, tuklasin ang mga pagkakataon upang ilagay din ang tingian sa mga paggamit ng komunidad gaya ng mga paaralan, pangangalaga sa bata, at imprastraktura ng komunidad.
- Isaalang-alang ang hindi bababa sa dalawang tuluy-tuloy na bloke ng tingian upang mapabuti ang kakayahang mabuhay ng negosyo.

Anyong Tinayo

- Pahintulutan ang iba't ibang pinaghalong gamit na mababang gusali at hiwalay at mababang pabahay, partikular na ang mga multiplex at townhouse, sa pagitan ng 3 hanggang 6 na palapag.

Pampublikong Kaharian

- Maghanap ng mga pampublikong bukas na espasyo malapit sa mga tindahan, serbisyo, at espasyo ng komunidad upang suportahan ang mga lokal na negosyo at magbigay ng mga pagkakataon para sa panlipunang koneksyon.

Kalikasan

- Galugarin ang mga pagkakataon upang mapanatili ang mga puno at mapanatili ang mga katutubong lupa hangga't maaari. Gumamit ng ekolohikal na landscaping at paggana sa disenyo ng mga bagong pribadong development.

Makisali ka!

Tulungan kaming ihugis ang kinabukasan ng Mga Village! Ibahagi ang iyong mga saloobin kung paano mo inaasahang makita itong magbago sa hinaharap. Maaari kang makisali sa pamamagitan ng:

- Pagbabasa sa buod ng online board
- Pagsasagawa ng aming survey
- Pagdalo sa isa sa mga virtual na pampublikong sesyon ng impormasyon
- Pagdalo sa isa sa aming personal na mga open house sa kapitbahayang malapit sa inyo

shapeyourcity.ca/Villages

villages@vancouver.ca

CITY OF VANCOUVER | Vancouver Plan

©2024 City of Vancouver | 24-246 | Tagalog